# Impormasyon sa pagbabakuna ng ika-3 dosis (Booster) ng COVID-19 para sa mga kabataang may edad (12~17 taong gulang)

Ang bilang ng mga nagpositibong kaso ng mga kabataan(12-17 taong gulang) pagkatapos lumagpas ang panahon ng pangunahing bakuna ay mabilis na tumaas, patuloy ang mga may malubhang kondisyon at may kasong namamatay. Alinsunod dito, nais naming ipaalam sa inyo ang mga isinasagawang ika-3dosis na bakuna para sa mga kabataang may edad (12~17 taong gulang) upang maprotektahan mula sa malalang kondisyon at kamatayan dahil sa impeksiyon ng COVID-19.

■ Maaring Bakunahan

○ Ito ay para sa mga kabataang may edad 12~17 taong gulang **na lagpas na sa 3 buwan mula ng makompleto ang pangunahing bakuna sa Korea o sa ibang bansa, at lubos naming inirerekomenda na magpakabuna ang mga kabataang may mataas na posibilidad na maging malubha ang kondisyon.**

○ ※ Para sa mga batang may edad (12~17taong gulang) na may kasaysayan na nagpositibo katulad ng mga nasa tamang edad hindi inirerekomenda ang pagpapabakuna ng ika 3-dosis.

■ Uri ng Bakuna, Pagitan ng Pagbabakuna

○ Ang pangatlong dosis para sa mga kabataan ay Pfizer.

○ Maaring magpabakuna sa ika-3 dosis ang mga batang may edad 12-17 taong gulang pagkatapos ng 3 buwan(90 araw) mula makompleto ang pangunahing bakuna. Subalit, sa mga batang mahihina ang immune system ay dapat mabakunahan sa pagitan ng 2 buwan.

* Sa mga batang mahihina ang immune system ay maaring kumuha ng medikal na sertipiko sa ospital o manghingi ng sertipiko ng opinyon ng doktor at ipakita ito sa lokal na sentro ng pampublikong kalusugan upang ayusin ang petsa para sa pagitan ng pagbabakuna

■ Iskedyul at Lokasyon

○ Ang maagang pagpapareserba(advance reservation) o mismong araw na bakuna ay mag-umpisa mula sa Marso 14(Lunes), at maaring magpabakuna mula sa Marso 21(Lunes).

○ Rehistrado o hindi rehistrado sa National Health Insurance dito ay maaring magpabakuna sa medikal na institusyon, sa sentro ng pampublikong kalusugan o sa sentro ng pababakunahan ng COVID-19.

■ Paraan ng Pagpapareserba

■ Sa mga dayuhang may edad 12-17 taong gulang na nakakumpleto ng pangunahing bakuna

1)Rehistradong dayuhan: Ang reserbasyon ay maaring gawing online o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono katulad nang ginawa sa pangunahing bakuna.

① Online na pagpapareserba: Pumunta sa site ng (https://ncvr.kdca.go.kr) ang batang mismong magpabakuna o ang kinatawan(sa halip ng sarili) para magpareserba.

② Pagpapareserba sa telepono: Tumawag sa Sentro ng Korea para sa Pagkontrola at Pag-iwas ng Sakit(☏1339) o sa Call Center ng lokal na pamahalaan para magpareserba.

③ Mismong Araw: Maaring magpabakuna sa mismong araw pagkatapos maunang magpalista (kumpirmahin sa pamamagitan ng pagtawag) sa medikal na institusyon

* Ang reserbasyon ng natitirang bakuna sa pamamagitan ng SNS ay magagamit lamang para sa mga may edad na 14 pataas

2) Hindi Rehistradong Dayuhan (kasama ang mga ilegal na dayuhan): Kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala sa sentro ng pampublikong kalusugan(public health center) at pagkatapos ay maaaring magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag o pagpunta sa mga institusyon ng bakuna(medikal na institusyon o sa sentro ng kalusugan).

■ Mga Dayuhan na nakakumpleto ng pangunahing bakuna sa ibang bansa(kabilang ang mga dayuhan na nananatili ng wala pang 90 araw)

Maaring magpareserba sa pamamagitan ng pagdala ng ID at pumunta sa malapit na sentro ng pampublikong kalusugan, kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala, iparehistro ang kasaysayan ng bakuna sa ibang bansa at pagkatapos ay magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag o pagpunta sa mga institusyon ng bakuna(medikal na institusyon o sa sentro ng kalusugan).

*Sa panahon na kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala, hindi na hihilingin na ipakita ang identipikasyon katulad ng pasaporte o aliencard at iba pa.

Sa kaso ng mga kabataan, kinakailangang samahan ng tagapag-alaga(guardian) o legal na kinatawan para sa kaligtasan ng pagbabakuna at upang masubaybayan ang mga kakaibang epekto matapos mabakunahan. (Ang tagapag-alaga ay magpunta kasama ang bata, pagkatapos makumpirma ang identipikasyon sagutan ang preliminary checklist sa ahensya ng pagbabakuna)*

*Sa kaso na walang kasamang tagapag-alaga(guardian) pakihanda ng maaga ang pahintulot (consent form) na papel, at ang talahanayan ng paunang pagsusuri para sa pagbabakuna (preliminary checklist) at isumite sa medikal na institusyon

※ Pakitandaan

- Base sa Sistema ng Eksempsyon ng Obligasyon sa Pag-abiso, ang personal na impormasyon o identipikasyon ay gagamitin lamang para sa layunin ng pagbabakuna, at hindi ito ipaalam sa tanggapan ng imigrasyon ang tungkol sa ilegal na pananatili at iba pa.
- Para sa mga karagdagan at iba pang mga detalye mangyaring sumangguni sa website ng COVID-19 sa Sentro ng Korea para sa Pagkontrola at Pag-iwas ng Sakit(https://ncv.kdca.go.kr).